Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagpili ng tamang panghalip na pananong

Panuto: Isulat sa patlang ang panghalip na pananong na bubuo sa pangungusap na patanong. Pumili sa mga panghalip na pananong sa kahon. Higit sa isang beses gagamitin ang mga panghalip na ito.

sino	sinu-sino	ano	anu-ano	kanino	nino	alin

1. __*Sino*__ ang sumundo sa iyo sa istasyon ng bus?
2. __*Ano*__ ang relihiyon ng karamihang Filipino?
3. __*Kanino*__ galing ang sulat na natanggap mo?
4. __*Sinu-sino*__ ang mga imbitado sa handaan sa Sabado?
5. Dyaket __*nino*__ itong hawak ko?
6. __*Alin*__ ang ginagamit mong sabon na panlaba, ang *Surf* o ang *Tide*?
7. __*Kanino*__ tayo hihingi ng tulong sa paglipat ng mga kagamitan?
8. __*Sino*__ ang nagsulat ng kontratang ito?
9. __*Anu-ano*__ ang mga gamit na iuuwi natin sa probinsiya?
10. Kotse __*nino*__ ang nakaparada sa labas ng *gate* natin?
11. __*Anu-ano*__ ang mga babala na nakikita sa isang paaralan?
12. __*Kanino*__ ang *Lego* na nakakalat sa sala?
13. __*Alin*__ ang iinumin mo, *Coke* o *Pepsi*?
14. Gitara __*nino*__ ang hihiramin mo?
15. __*Sinu-sino*__ ang mga mag-aaral na aarte sa maikling dula?
16. __*Ano*__ ang pangunahing sangkap ng sabaw na ito?
17. __*Kanino*__ sumama si Patricia pauwi kagabi?
18. __*Sino*__ ang maghahatid ng tanghalian mo sa paaralan?
19. __*Anu-ano*__ ang mga pangunahing produkto ng rehiyon ng Bikol?
20. __*Ano*__ ang pinturang gagamitin natin para sa mga dingding?